**NAKASULAT NA ABISO PARA SA MGA KARAPATAN NG BENEPISYARYO PARA SA TEFAP**

Pangalan ng Organisasyon: ____________________________________________

Dahil ang programang ito ay suportado nang buo o bahagi ng pinansyal na tulong mula sa Pederal na Pamahalaan, kinakailangan naming ipaalam sa inyo na:

(1) Hindi namin kayo maaaring diskriminahin batay sa relihiyon, relihiyosong paniniwala, pagtanggi na magkaroon ng relihiyosong paniniwala, o pagtanggi na dumalo o lumahok sa isang relihiyosong gawain;

(2) Hindi namin kayo maaaring pilitin na dumalo o lumahok sa anumang tahasang relihiyosong aktibidad (kabilang ang mga aktibidad na may malinaw na relihiyosong nilalaman gaya ng pagsamba, pagtuturo ng relihiyon, o pangangaral) na inaalok ng aming organisasyon, at ang anumang pakikilahok ninyo sa mga ganitong aktibidad ay dapat kusang-loob lamang;

(3) Dapat naming paghiwalayin sa oras o lokasyon ang anumang pribadong pinondong tahasang relihiyosong aktibidad (kabilang ang mga aktibidad na may malinaw na relihiyosong nilalaman gaya ng pagsamba, pagtuturo ng relihiyon, o pangangaral) mula sa mga aktibidad na sinusuportahan ng direktang tulong pinansyal mula sa Pederal na pamahalaan; at

(4) Maaari ninyong iulat ang anumang paglabag sa mga proteksyong ito, kabilang ang anumang pagtanggi sa serbisyo o benepisyo ng isang organisasyon, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan o pagsusumite ng nakasulat na reklamo sa Tanggapan ng Assistant Secretary para sa Karapatang Sibil, Sentro para sa Pagpapatupad ng Karapatang Sibil, Dibisyon ng Mga Reklamo sa Programa sa pamamagitan ng koreo, fax, o e-mail sa:

**Koreo:**
United States Department of Agriculture
Director, Center for Civil Rights Enforcement
1400 Independence Avenue, SW
Washington, DC 20250-9410

**Fax:** (202) 690-7442
**Email:** program.intake@usda.gov

(5) Kung nais ninyong alamin kung may iba pang mga organisasyong pinondohan ng Pederal na nagbibigay ng ganitong uri ng serbisyo sa inyong lugar, mangyaring makipag-ugnayan sa **USDA Hunger Hotline**:

- Sa pamamagitan ng Pagtawag: 1-866-3-HUNGRY o 1-877-8-HAMBRE upang makipag-usap sa isang kinatawan mula 7:00 AM – 10:00 PM Eastern Time.
- Sa pamamagitan ng Pag-text sa: 914-342-7744 ng mga tanong na maaaring may keyword gaya ng pagkain," tag-araw," mga ulam," atbp., upang makatanggap ng awtomatikong tugon tungkol sa mga mapagkukunan na malapit sa isang address at/o zip code.

Ang nakasulat na abisong ito ay dapat ipagkaloob sa inyo bago kayo magpatala sa programa o makatanggap ng serbisyo mula sa programa, maliban kung ang uri ng serbisyong ibinibigay o ang agarang pangangailangan ay nagpapahirap na maibigay ang abiso bago ibigay ang aktwal na serbisyo. Sa ganitong kaso, ang abisong ito ay dapat ipagkaloob sa inyo sa unang pagkakataon na posible.